I

3 Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos sa harap ko.

II

4 Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng inukit na larawan o ng anumang kawangisng anumang nasa langit sa itaas, o sa ng nasa lupa sa ibaba, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa.
5 Huwag mo silang yuyukuran, o paglingkuran man sila; sapagkat Akong PANGINOON mong Diyos ay Diyos na mapanibughuin, na aking pinarurusahan ang mga anak dahil sa kasamaan ng mga magulang hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi ng mga napopoot sa Akin;
6 Ngunit pinagpagpapakitaan ko ng wagas na pag-ibig ang libu-libong umiibig sa Akin at tumutupad ng Aking mga utos.

III

7 Huwag mong babanggitin ang pangalan ng PANGINOON mong Diyos sa walang kabuluhan, sapagkat hindi pawawalang-sala ng PANGINOON ang sinumang gumagamit ng Kanyang pangalan sa walang kabuluhan.

IV

8 ALALAHANIN mo ang araw ng SABBATH, upang ingatan itong banal.
9 Anim na araw kang gagawa ng iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain;
10 ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath sa PANGINOON mong Diyos. Sa araw na ito ay huwag kang gagawa ng anumang Gawain, ikaw o ang iyong anak na lalaki, ang iyong anak na babae, ang iyong aliping lalaki, ang iyong aliping babae, ang iyong mga baka, ang dayuhang nasa loob ng iyong mga pintuan;
11 sapagkat sa loob ng anim na araw ay ginawa ng PANGINOON ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng naroroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; kaya't binasbasan ng PANGINOON ang araw ng Sabbath, at ginawa itong banal.

V

12 Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, upang ang iyong mga araw ay humaba sa lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos.

VI

13 Huwag kang papatay.

VII

14 Huwag kang mangangalunya

VIII

15 Huwag kang magnanakaw.

IX

16 Huwag kang magiging sinumang saksi laban sa iyong kapwa.

X

17 Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapwa; huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapwa, o ang kanyang aliping lalakio ang kanyang aliping babae, o ang kanyang baka, o kanyang asno, o anumang bagay ng iyong kapwa,

This website utilizes technologies such as cookies to enable essential site functionality, as well as for analytics, personalization, and targeted advertising. To learn more, view the following link: Privacy Policy